政府統計

**Senso 2025**

# Mga Tagubilin sa Pagsagot ng Survey Form ng Senso

Statistics Bureau, Ministry of Internal Affairs and Communication

**Ipinaliliwanag ng papeles na ito ang mga layunin ng Senso at ang paraan ng pagsasagot ng survey form. Mangyaring sagutan ang survey form na nasa wikang Hapon habang sumasangguni sa "Mga Tagubilin" sa wikang Filipino mula pahina 2 hanggang 8.**
**Tupiin ng tatlong beses ang form na nasa wikang Hapon at ilagay sa sobreng walang selyo. Dalhin ito sa pinakamalapit na post opis hanggang Oktubre 8 (Miyerkules). Sa panahong hindi maihulog ang form sa nakatakdang panahon, muli kaming bibisita sa mga susunod na araw para kolektahin ang survey form.**
**Ang inyong mga kasagutan ay gagamitin lamang para sa paggawa ng estatistika. Hindi ito gagamitin para sa iba pang layunin tulad ng pamamahala ng imigrasyon at imbestigasyon ng mga pulis.**

## Hinggil sa Senso

Isasagawa ang Senso sa buong bansang Hapon mula Oktubre 1, 2025.
Ang Senso ang pinakamahalagang istatistikong survey na isinasagawa ng pamahalaan ng bansa ayon sa "Statistics Act" (Batas ng Estatistika). Hindi alintana ang nasyonalidad, lahat ng taong naninirahan sa bansang Hapon ay kinakailangang sumagot nito.
Ito ay isang pamamaraang estatistiko na isinasagawa sa pamamagitan ng pagsagot sa survey form na siyang magiging batayan sa pag-uulat ng kasalukuyang sitwasyon.
Sa karagdagan, ang lahat ng taong makikibahagi sa Senso, lalong lalo na ang mga opisyal nito ay obligadong panatilihing kompindensyal ang lahat ng impormasyon.
Ang mga makakalap na impormasyon ay pananatilihing ganap na lihim at ipinagbabawal na gamitin sa iba pang layunin maliban sa gawaing estatistikal. Ang mga impormasyon ay tuluyang ididissolve pagkatapos nitong gamitin.
Inaasahang ang mga magiging resulta ng survey ay makapagbibigay ng mga batayang materyal para din sa ikabubuti ng mga dayuhan upang mapanatiling komportable ang ating pamayanan.

## Ang survey form ay sasagutan ng bawat isang sambahayan

◆ Gaya ng karaniwang pamilya, ang grupo ng mga tao na magkakasamang naninirahan at namumuhay sa isang bahay ay matatawag na isang sambahayan.
◆ Isang tao man ang naninirahan sa isang bahay ay matatawag na itong isang sambahayan.

● Kokonsiderahing isang sambahayan ang mga sumusunod na tao


○ Taong nangungupahan o nakikitira
(Kasama rin dito ang mga magka-share sa bahay) …… Single at nag-iisa ay matatawag na isang sambahayan.
Ang magkakapatid na kasamang naninirahan ang kanilang pamilya ay ituturing na isang sambahayan (bawat pamilya).

○ Taong single at nag-tatrabaho na nakikitira sa amo……Kabilang ka sa sambahayan ng iyong amo kung siya ang may ari ng bahay na iyong tinutuluyan. Ikaw ay matatawag na bukod na sambahayan kung ikaw ay nakatira ng mag isa na bukod sa gusali ng bahay ng iyong amo.

○ Taong single na nakatira sa dormitoryo o boarding house ng kumpanya o gobyerno…… Ikaw ay maituturing na isang sambahayan bilang isang tao.

## Paano pupunan ang survey form

- Gumamit ng itim na lapis o mechanical pencil.
- Ang markang ”⬭ “ ay punan ng gaya nito.”⬬ “
- Unahing punuin ang kahon mula sa kanan at isulat ang numero sa loob ng kahon ng walang lagpas.




## Mga Tagubilin sa Pagsagot sa Unang Pahina ng Survey Form

### Tungkol sa sambahayan

### 1 Uri ng sambahayan

Kabilang sa "iba pa" na sambahayan ang mga taong walang sariling tirahan o mag-isang nakatira sa mga pampublikong tuluyan o tuluyan para sa mga construction worker.

### 2 Bilang ng miyembro sa sambahayan

Isulat ang kabuuang bilang ng miyembro ng sambahayan sa unang pahina ng survey form kung ang miyembro ng sambahayan ay mahigit sa (5) limang katao.

### 3 Uri ng pagmamay-ari ng tahanan

**Sariling bahay …………………** Pagmamay-aring tirahan. Kabilang na ang mga wala pang rehistrasyon, o mayroon pang natitirang kabayaran sa pabahay.

**Inuupahang bahay mula sa Urban Renaissance Agency (UR) o pampublikong organisasyon**
……… Paupahang bahay mula sa UR (Urban Renaissance Agency), pabahay mula sa prepektura, lungsod, o distrito. Hindi kabilang ang mga bahay na ibinigay ng kumpanya o mga bahay para sa empleyado ng pamahalaan.

**Bahay na mula sa kumpanya/bahay para sa mga empleyado ng pamahalaan …** Paupahan o pagmamay-aring bahay ng kumpanya o ng employer, o ng opisina ng pamahalaan.

**Paupahang bahay** ·························· Tumutukoy sa mga paupahang kuwarto sa loob ng bahay na pag-aari ng ibang sambahayan. Subalit kung ito ay tumutugma sa kundisyon sa ibaba na bilang ① at ②, dapat na iklasipika ito bilang “Inuupahang bahay na pribadong pag-aari”.

**Dormitoryo ng kumpanya (para sa mga hindi kasal), boarding house …** Isang gusaling pagmamay-ari o inuupahan ng isang kumpanya, opisina ng pamahalaan, o samahan para sa tirahan ng mga empleyado. Subalit kung ito ay tumutugma sa kundisyon sa ibaba na bilang

① at ②, dapat na iklasipika ito bilang “Bahay na mula sa kumpanya/bahay para sa mga empleyado ng pamahalaan”

| |
|---|
| ① Ganap na hiwalay at may dibisyon sa iba pang sambahayan.<br>② Ang iyong tirahan ay may sariling pintuan, sariling lababo at lutuan (kusina), at may palikuran. (Kabilang ang mga lugar na maaaring gamitin ng lahat sa loob ng tirahan, ngunit maaaring magamit ng kahit anong oras nang hindi dumadaan sa mga lugar na kinokonsiderang tirahan ng ibang sambahayan). |

## 4 Uri ng bahay

**Detached ……………** Ito ay tumutukoy sa gusali na nagsisilbing isang tirahan. Kahit na may kasamang tindahan, kung ang buong gusali ay ginagamit bilang iisang tirahan, ituturing pa rin itong isang "detached".

**Apartment house ……………** Ito ay tumutukoy sa gusali tulad ng apartment o flat kung saan may dalawa o higit pang tirahan sa iisang gusali. May mga shared hallway at hagdan at ang mga tirahan ay magkakapatong. Kasama rin ang mga gusali kung saan ang unang palapag ay tindahan at ang mga nasa pangalawang palapag pataas ay mga tirahan. Sa ganitong kaso, isusulat din ang "Kabuuang bilang ng mga palapag" at "Palapag kung saan naninirahan".

※ Kahit na ang panlabas ay mukhang detached, kung hiwalay ang tirahan sa unang palapag at pangalawang palapag, at may nakalaang hagdan sa labas patungo sa pangalawang palapag, ituturing ito bilang "apartment house".

※ Para sa mga maisonette-type na tirahan (isang tirahan na sumasaklaw ng dalawang palapag), ang palapag kung saan matatagpuan ang entrance/exit ay “ang palapag kung saan naninirahan".

※ Para sa mga "apartment house" na may basement, ilagay lamang ang bilang ng palapag sa ibabaw ng lupa para sa "Palapag kung saan naninirahan". Kung naninirahan sa basement, isulat ang "1" para sa "palapag kung saan naninirahan".

**Townhouse ……………** Ito ay tumutukoy sa tirahan na tinatawag na townhouse o terrace house. Dalawa o higit pang tirahan ay magkatabi na may magkadikit na pader, at bawat isa ay may hiwalay na entrance/exit patungo sa labas.

**Iba pa ……………** Ito ay tumutukoy sa mga tirahan na nasa loob ng ibang gusali tulad ng pabrika o opisina.

## Tungkol sa bawat miyembro ng sambahayan
## 5 Pangalan at kasarian

● Para sa sanggol na ipinanganak bago mag 12:00 ng hatinggabi (0:00 a.m.) ng Oktubre 1, 2025 at **hindi pa napangalanan**, mangyaring isulat sa loob ng espasyo ng pangalan ang (Pangalan) "Hindi pa napangalanan" at markahan ang angkop na kasarian.

Ang mga taong **karaniwang kasamang naninirahan** ay tumutukoy sa mga nasa ibaba (walang kinalaman kung rehistrado man ang dayuhan o hindi).
Sa kasalukuyan, Oktubre 1, 2025 matatawag na kasama sa iyong sambahayan ang mga sumusunod:
◆ Ang mga taong nakatira sa inyong sambahayan ng mahigit sa 3 buwan.
◆ Wala pang 3 buwan na nakatira subalit planong tumira sa inyong sambahayan ng higit pa sa 3 buwan.

● Isulat din ang tungkol sa mga taong naninirahan sa inyo kahit hindi man mga kamag-anak, na may (3) tatlong buwan o higit nang naninirahan, o planong maninirahan ng (3) tatlong buwan mula ngayon.

● Ang mga sumusunod na tao ay i-susurvey ayon sa mga sumusunod na lokasyon:

➢ Maaaring mag-ingat sa pagsagot kung sakaling mayroong mga taong gaya ng mga sumusunod sa inyong pamilya.

○ Mga taong nasa paglalakbay, biyahe dahil sa trabaho, o wala sa bahay ng pansamantala.
…… Ang kapamilyang wala sa bahay ng hindi hihigit sa (3) tatlong buwan ay i-susurvey sa inyong tahanan.
…… Ang kapamilyang wala sa bahay ng mahigit sa (3) tatlong buwan ay i-susurvey sa lugar kung saan sila kasalukuyang nananatili.

○ Mga estudyanteng bumibiyahe mula sa dormitoryo ng paaralan o mga boarding house.
………I-susurvey sa lugar ng dormitoryo o tinutuluyan.

○ Mga taong naka-confine sa ospital o mga health center
………I-susurvey sa bahay kung hindi hihigit sa (3) tatlong buwan na naka-confine sa ospital.
………I-susurvey sa lugar ng ospital kung mahigit na sa (3) tatlong buwan ang pagka-confine sa ospital.

○ Mga taong nakasakay sa barko ……I-susurvey sa kanilang tirahan.

○ Mga taong nasa bilangguan, detention centers, o mga taong hindi pa nahahatulan ng sentensya

○ Mga taong nasa mga Juvenile Training Center (para sa mga out of school youth)
…… I-susurvey sa lugar ng pinaglalagakan.

○ Mga taong walang tirahan sa loob ng (3) tatlong buwang nakaraan, at walang masasabing permanenteng tuluyan.
…… I-susurvey sa lugar na kasalukuyang kinaroroonan.

○ Mga taong (2) dalawang lugar ang tinitirahan.
……I-susurvey sa tirahang mas maraming gabing natutulog.

### 6 Relasyon sa puno ng sambahayan

Sa loob ng sambahayan ay maaaring magtalaga ng isang “puno ng sambahayan o kinatawan”. Maaaring lagyan ng marka ang relasyon ng iba pang miyembro ng sambahayan batay sa relasyon nila sa tingin ng puno o kinatawan ng sambahayan.

**Iba pang kamag-anak ……** Kinabibilangan ng mga lolo at lola sa tuhod, apo sa tuhod, tiyuhin at tiyahin, mga pamangkin, mga pinsan, mga anak ng kamag-anak (kabilang ang asawa).

**Iba pa ……………………** Tinutukoy ang mga anak na inilagak ng kaibigan, mga taong hindi kamag-anak ngunit kasamang naninirahan sa sambahayan. (hindi kabilang ang mga empleyadong nakikitira).

### 9 Nasyonalidad

Mangyaring markahan ang “Japan” ng mga taong may (2) dalawa o higit pang nasyonalidad kabilang na ang Hapones. Kung may 2 dalawa o higit pang nasyonalidad ngunit hindi Hapones, isulat sa loob ng kahon na [(Pangalan ng bansa)] ang naturang nasyonalidad.

### 10 Panahon ng pananatili sa kasalukuyang tirahan

Mangyaring markahan ang panahon na itinagal sa kasalukuyang tirahan mula sa pagbabalik galing sa pagkawala ng mahigit sa (3) tatlong buwan sa anumang dahilan gaya ng nalipat ang lugar ng trabaho, paglalakbay, o pansamantalang biyahe sa trabaho.

### 11 5 Taon Nakaraan (Oktubre 1, 2020) Saan ka nakatira?

5 Taon na Nakaraan (Oktubre 01, 2020) Maaaring itala ang lugar kung saan ka nakatira.

- Sa panahon ng Oktubre 1, 2025, na nasa ospital na bagong panganak na sanggol, maaaring itala ang lugar na tutuluyan sa paglabas sa naturang ospital.
- Ang Tokyo Metropolitan area ay nahahati sa mga sumusunod na 23 distrito:

Chiyoda-Ku, Chuo-Ku, Minato-Ku, Shinjuku-Ku, Bunkyo-Ku, Taito-Ku, Sumida-Ku, Koto-Ku, Shinagawa-Ku, Meguro-Ku, Ota-Ku, Setagaya-Ku, Shibuya-Ku, Nakano-Ku, Suginami-Ku, Toshima-Ku, Kita-Ku, Arakawa-Ku, Itabashi-Ku, Nerima-Ku, Adachi-Ku, Katsushika-Ku, Edogawa-Ku.

## Ikalawang Pahina ng mga tagubilin sa pagpuno ng Questionnaire Form

### Para sa bawat miyembro ng Sambahayan

### 12 Nagtrabaho ka ba noong ika-24 hanggang ika-30 ng Setyembre 2025?

Maaaring markahan ang nararapat na bilog sa itaas na parte na may arrow kung ikaw ay nakapag trabaho ng may suweldo sa loob ng isang linggo ng ika-24 hanggang ika-30 ng Setyembre. Maaaring markahan ang ibabang parte na may arrow kung kahit kaunti ay hindi nakapag trabaho ng may suweldo.

Ang mga (On the job trainer) na nabigyan ng karapatang manirahan, at nasa panahon ng pagsasanay, maaaring markahan ang ”Pumapasok sa paaralan”

**Nagtrabaho dagdag sa regular na gawaing bahay…**Tinutukoy iyong mga taong kadalasa’y nagsasagawa ng gawaing bahay, na maliban dito ay nagtatrabaho kahit kaunti para makakuha ng sahod. Halimbawa, sa pamamagitan ng part time job, pagtulong sa negosyo ng pamilya, pagsasagawa ng trabaho por piraso.

**Pansamantalang lumiban sa trabaho……… Taong may trabaho.** Tinutukoy iyong mga lumiban dahil may sakit o nasa bakasyon, na tumatanggap ng sahod, o nabibigyan ng benepisyo mula sa family Care o Maternity Leave na sumasailalim sa Employment Insurance Act.

**Mga taong namamahala ng Negosyo**, Lumiban dahil may sakit o nasa bakasyon na hindi lalagapas sa 30 ka araw mula sa simula ng pagliban.

**Naghahanap ng trabaho ……** Tinutukoy iyong mga walang hanapbuhay ngunit aktibong naghanap ng trabaho sa pamamagitan ng, halimbawa, ng patalastas sa diyaryo o sa pamamagitan ng pagbisita sa employment office o pagtatanong sa ibang tao para mamagitan sa paghahanap. Gayunpaman, naaangkop lamang ito sa mga taong maaaring magsimula agad sa trabaho sa panahong may pwestong ialok sa kanila.

**Pumasok sa paaralan ……** Hindi kabilang dito ang nakapasok sa di regular na paaralan gaya ng kurso ng wikang hapon o kurso sa pagluluto na minsan o dalawang beses lamang kada lingo.

➢ Dapat na mapabilang sa kategoryang“Iba pa”ang mga batang pumapasok sa kindergarten, nursery o Child garden may autorisasyon ng tipo ng kooperasyon ng kindergarten at nursery.

## Para sa mga nagtatrabaho o estudyante

## 13 Lokasyon ng Trabaho o ng Paaralan

● Para sa nagtatrabaho habang pumapasok sa paaralan, markahan ang lugar ng trabaho.

➢ Sumangguni sa pahina 5 para sa Tokyo Metropolitan area “Ika-11 tanong 5 Taon Nakaraan (Oktubre 1, 2020) Saan ka nakatira?” na tanong ay maaaring sanggunian.

● Ang mga sumusunod ay ang kategorya kung paano babasehan ang lugar ng trabaho.

○ Mga taong nagtatrabaho sa sariling sakahan/gubat mangingisda…Tahanan

○ Sariling trabaho gaya ng karpintero, tindahan…Tahanan

○ Mga taong nagtatrabaho sa labas ………………… Lokasyon ng establisimyentong kinabibilangan.
（sa labas ang tungkulin, drayber）

○ Tauhan ng barko……………………………………… Lokasyon ng pangunahing baseng dinadaungan ng barko.

## Para sa mga nagtatrabaho

### 14 Empleyado o Sariling Empleyo

**Empleyado ………**Kinabibilangan ng kumpanya, organisasyon, opisina ng pamahalaan o ng pribadong tindahan.

※**Manggagawa ng Ahensya…**ang manggagawa ng opisina ng Labor Supplier, ”Part-timer” man o ”Arubayto” ka mang tinatawag, ay nasa kategorya pa rin ng “Manggagawa ng Ahensya”.

**Direktor ng Kumpanya o korporasyon …**kinabibilangan ng Presidente, Director, Awditor ng kumpanya, grupo, director ng pampublikong korporasyon, opisyal at awditor ng independyenteng administratibong institusyon.

- ➢ Itinuturing na “empleyado” ang mga taong nasa posisyon ng pamamahala managerial posisyon gaya ng puno ng departamento o puno ng isang seksyon kung hindi sila binigyan ng posisyon bilang director.

**Sariling Empleyo …………**”May mga empleyado” ang tawag kung mayroong empleyado. “Walang empleyado” ang tawag kung walang empleyado.

- ➢ Ang mga may tindahan, kabilang ang mga korporasyo (kabilang ang mga kumpanyang Limitado at iba pa) /Mga kumpanyang gaya ng Pangkalahatang limitadong Partnership, Limitadong Liability Partnership）ay nabibilang sa ”Direktor ng kumpanya”.

**Empleyado ng Pamilya……**Tinutukoy ang mga miyembro ng sambahayan na tumutulong sa Gawain ng pagsasaka o nagtatrabaho sa tindahang pinatatakbo ng pamilya.

**Nagtatrabaho ng por piraso sa loob ng bahay …**Tinutukoy ang trabahong ginagawa sa bahay ng iisang taong di gumagamit ng malakihan at nakapirming pasilidad na kailangang tustusan ng mga materyales.

### 15 Pangalan ng Establisimyento

- ● Maaaring itala ang pangalan ng pinagtatrabahuhan, pati na ang (lugar ng trabaho，sanga, mga opisina，pabrika，tindahan) ay isulat.
  - ○ Mangyaring itala ang eksaktong lugar ng pinagtatrabahuhan gaya ng sanga o opisina maliban sa pangalan ng kumpanya.
  - ○ Kung mahigit sa 2 ang bilang ng empleyo, itala ang lugar ng empleyo kung saan mayroong pinakamaraming oras ng trabaho.
  - ○ Sa mga empleyado ng Ahensya, maaaring itala ang Pangalan ng aktuwal na pinagtatrabahuhan.

### 15 Uri ng Negosyo

- ● Maaaring itala ang nilalaman o klase ng madalas na ginagawa sa lugar ng pinapasukang trabaho.
- ● Maaaring itala ang mayor na produkto, uri ng serbisyo, ang pagkakaiba sa pagitan ng

manufacturing o servicing, mangyari ring ipaliwanag upang maunawaan ng maayos ang mga pagkakaiba sa pagitan ng pakyawan o tingi-tingi ang trabaho.

○ Kung mahigit sa 2 klaseng trabaho ang ginagawa sa lugar ng pinagtatrabahuhan, itala lamang ang isang pinaka-madalas na gawain sa naturang lugar.

○ Kung ang nagawang produkto ay itinitinda sa pangkalahatang mamimili, ”Tingiang Produksyon” ang itala.

○ Sa mga empleyado ng Ahensya ng Manggagawa, maaaring itala ang aktwal na trabaho sa lugar ng pinagtatrabahuhan.

## 16　Uri ng Trabaho

○ Maaaring itala ang aktwal na ginagawang trabaho sa lugar na pinapasukan.

○ Isulat ang sapat na pangalan o pamagat ng trabaho at kung mayroong mang dapat ipaliwanag sa mga gaya ng sumusunod na trabaho.” Manunuri ng Seguridad”, ”Internasyonal na abugado”, ”Designer”.

○ Para sa mga taong may mahigit sa 2 dalawang uri ng trabaho, itala lamang ang uri trabaho na may pinakamahabang oras na ginugugol.

➢ Maaaring itala ang teknikong trabaho gaya ng pamamahala・pagtitinda o mga katulad ng, tagaluto, produksyon, mangungunpuni, kasanayan.

Halimbawa：Namamahala at abugado ng Law Firm ……… Abugado
Namamahala at tagaluto ng Restawran………Tagaluto

○ Sa mga empleyado ng Ahensya ng Manggagawa, itala ang aktwal na detalye ng trabaho sa lugar ng pinagtatrabahuhan.

## Mga Halimbawa Para sa 15, 16

[Ex. 1] Indastriyal (Manufacturing)

| | | |
|---|---|---|
| Blg. 15 | Pangalan ng Lugar na Pinagtatrabahuhan | Ao Jidousya Kabushiki Gaisya Ika-unang Planta |
| | Uri ng Negosyo | Gumagawa ng transmisyon |
| Blg. 16 | Uri ng Trabaho | Bumubuo o nagpupulong ng parte ng transmisyon |

[Ex. 2] Trabahong Serbisyo (Services)

| | | |
|---|---|---|
| Blg. 15 | Pangalan ng Lugar na Pinagtatrabahuhan | (Limitadong Kumpanya) Total Care Senter |
| | Uri ng Negosyo | Bumibisita sa mga may edad, pinaliliguan, pinapakain at inaalagaan |
| Blg. 16 | Uri ng Trabaho | Katulong sa Bahay |

[Ex. 3] Malakihang (Pakyawan) Bentahan (Wholesale)

| | | |
|---|---|---|
| Blg. 15 | Pangalan ng Lugar na Pinagtatrabahuhan | Likaa Trading Co.Ltd. |
| | Uri ng Negosyo | Pakyawan o Bentahan ng Alak |
| Blg. 16 | Uri ng Trabaho | Nag-aayos ng suplay |